Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 5 (2026)

# Kabisaan ng Modyul sa Antas ng Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Gramatikong Filipino

Charmine R. Tallo [1]
Delia C. Villanueva EdD. [1]

1 – Graduate School, Naga College Foundation Inc, Naga City, Philippines

Publication Date: May 29, 2026
DOI: **10.5281/zenodo.20443305**

**Abstrak**

Mahalaga ang paglinang ng kasanayan sa Gramatikang Filipino dahil ito ang nagsisilbing pundasyon ng malinaw at epektibong komunikasyon at pagkatuto ng mga mag-aaral. Layunin ng pag-aaral na ito na tasahin ang antas ng kasanayan sa Gramatikang Filipino ng mga mag-aaral sa Baitang 9 ng Pambansang Mataas na Paaralan ng Bolo Norte sa Taong Panuruan 2025–2026, gayundin matukoy ang kabisaan ng paggamit ng nabuong modyul bilang kagamitang pampagtuturo. Ginamit sa pag-aaral ang deskriptibo-komparatibong metodolohiya at ang ADDIE Model sa pagbuo ng materyal. May limampu't tatlong (53) mag-aaral ang naging kalahok. Ang mga datos ay nakalap sa pamamagitan ng pre-test at post-test na pagsusulit na ginawa ng mananaliksik. Sinuri ang mga datos gamit ang *Mean, Standard Deviation, Proficiency Level*, at *t-Test for dependent samples*, gayundin ang *Cohen's d*. Ipinakita ng resulta na higit na mataas ang kasanayan ng mga mag-aaral sa mga bahagi ng gramatika na madalas gamitin at ituro, samantalang higit na mababa naman ito sa mga estruktural na tuntunin na nangangailangan ng hgit na malalim na pagsusuri at pag-unawa. Ipinakita rin ng mga natuklasan na epektibo ang paggamit ng modyul sa pagpapalalim ng kaalaman at pagpapaunlad ng kasanayan ng mga mag-aaral sa Gramatikang Filipino. Inirerekomenda ang paggamt ng kagamitan sa pagtuturo bilang interbensiyon sa pagpapa-taas ng kasanayang estruktural ng mga mag-aaral.

**Susing-salita:***Modyul, Kasanayan sa Gramatikang Filipino, Deskriptibo-Komparatibo, ADDIE Model, Kabisaan ng Kagamitan*

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 5 (2026)

## INTRODUKSIYON

Sa mabilis na pag-usad ng panahon at pagbabago ng lipunan, kinakailangan ang matibay na pundasyon ng edukasyon at kultura. Ang pinakamabisang kasagutan sa pahayag na ito ay ang pagpapatibay ng kasanayan sa wika at pagkakaroon ng epektibong kagamitang pampagkatuto bilang paraan sa pagtuturo. Sa Pilipinas, itinuturing na Wikang Filipino ang Wikang Pambansa, at sa loob nito, ang gramatika ang nagsisilbing balangkas at gabay upang maisalin nang tama at malinaw ang kultura, tradisyon, at paniniwala ng bansa sa mga susunod na henerasyon.

Sa kabilang dako, ang modyul ay isang kagamitang pampagkatuto na sistematikong binuo upang masuri, mapalawak, at mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral. Ito ay nagiging susi upang mahikayat at maging aktibo ang mga mag-aaral sa pakikibahagi ng talakayan at pagkatuto, lalo na sa mga paksang nangangailangan ng masusing pag-unawa at pagsasanay. Sa katunayan, ito rin ang nagiging pangunahing instrumento sa pagsukat ng kanilang kakayahan at kaalaman. Ayon sa *Sustainable Global Development Goal Blg. 4* ng United Nations, binibigyang-diin ang kahalagahan ng de-kalidad at pagkakapantay-pantay sa paglinang ng mahalagang kasanayan sa edukasyon, kabilang na ang pagbuo at paggamit ng mga angkop na kagamitang panturo tulad ng modyul.

Ayon kay Geronimo (2016), mahalaga ang mga kasanayan tulad ng tamang gamit ng mga salita, wastong ayos ng pangungusap, at paggamit ng mga tuntuning panggramatika dahil ito ang batayan ng maayos na pagpapahayag. Ang kasanayan sa gramatika ay nakakatulong sa akademikong tagumpay at pagpapalawak ng pag-unawa sa iba't ibang asignatura. Gayundin, ayon kay Delos Santos (2020), ang pagkakaroon ng matibay na pundasyon sa gramatika ay susi sa tagumpay ng mga mag-aaral, kaya't mahalagang alagaan at palalimin ang kanilang kaalaman dito gamit ang mga angkop na materyales at estratehiya. Ang paggamit ng angkop na mga teksto at gawain ay nakatutulong sa mas malalim na pagkatuto.

Itinatampok nina Romero (2018) at Cruz (2014) na ang mga kagamitan o modyul ay mas epektibong nagagamit kung ang mga ito ay naaayon sa interes, antas ng kasanayan, at estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Ito ay direktang tugon sa madalas na kakulangan ng mga angkop at lokalisadong materyales na nakabatay sa tunay na pangangailangan ng mga mag-aaral sa silid-aralan. Sinusuportahan naman nina Gonzales (2018), Tomlinson, at Richards ang ideya na ang mga kagamitang panturo ay dapat magbigay ng praktikal na aplikasyon, kontekstuwal na paggamit ng wika, at mas malalim na ugnayan sa kultura at karanasan ng mga mag-aaral. Napatunayan ding epektibo ang paggamit ng mga organisadong gawain sa loob ng modyul upang mapataas ang antas ng pagganap at kasanayan ng mga mag-aaral.

Binigyang-diin din nina Villafuerte (2019) at Taday (2017) ang mahalagang papel ng guro sa gabay na pagtuturo at sa maingat na pagpaplano ng aralin. Ang modyul na binuo sa kasalukuyang pag-aaral ay isinama ang mga estratehiyang ito upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa mas epektibong pagkatuto at upang punan ang mga natukoy na kakulangan sa kasanayang panggramatika.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 5 (2026)

Ang pananaliksik na ito ay naglayong tukuyin ang epekto ng paggamit ng modyul sa antas ng kasanayan sa Gramatikang Filipino ng mga mag-aaral sa Baitang 9 ng Pambansang Mataas na Paaralan ng Bolo Norte. Ang mga sumusunod na tiyak na layunin ay naisakatuparan para sa pag-aaral na ito: Una, masukat ang antas ng kasanayan sa Gramatikang Filipino ng mga mag-aaral batay sa mga tuntunin ng estruktura, gamit ng salita, at pagbuo ng kaisipan bago gamitin ang nabuong modyul. Pangalawa, makabuo at mapatibay ang modyul sa Gramatikang Filipino na naaayon sa kurikulum. Pangatlo, masuri ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral pagkatapos ng paggamit ng modyul. Pang-apat, matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba ang kasanayan sa Gramatikang Filipino ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng paggamit ng modyul. Panghuli, matukoy ang lawak ng epekto o kabisaan ng modyul sa pagpapaunlad ng kasanayan sa Gramatikang Filipino ng mga mag-aaral.

**METODOLOHIYA**

Gumamit ang pananaliksik na ito ng deskriptibo-komparatibong metodo upang matukoy at mailarawan ang antas ng kasanayan sa Gramatikang Filipino ng mga mag-aaral sa Baitang 9. Ang deskriptibong pamamaraan ay ginamit upang ilarawan ang kasalukuyang antas ng kasanayan batay sa learning competencies ng K-12 Curriculum Guide, gayundin ang antas ng pagtanggap sa binuong modyul. Kasama rin sa pag-aaral ang dokumentasyon ng proseso ng pagbuo at paggamit ng kagamitan, kung saan ang mga mag-aaral ay tinaya sa pamamagitan ng pre-test at post-test upang malaman ang epektibidad ng modyul. Ang pamantayang ginamit sa pagpili ng mga respondente ay ang pagiging kasalukuyang nakaenrol sa Baitang 9 ng Bolo Norte National High School. Ginamit sa pananaliksik ang *total enumeration sampling* (census sampling) kung saan ang kabuuang populasyon na limampu't tatlong (53) mag-aaral mula sa mga seksyong Aristotle (28) at Socrates (25) ay isinama bilang mga kalahok upang matiyak ang komprehensibong pagsusuri at mabawasan ang *sampling error*.

Sa pangangalap ng datos, ginamit ang *teacher-made test* na binubuo ng limampung (50) aytem sa anyong maramihang pagpipilian (*multiple-choice*). Ang instrumento ay dumaan sa masusing balidasyon ng mga eksperto na nagtala ng *validity coefficient* na 0.91 (Very Highly Valid) at *reliability coefficient* na 0.83 (Very Highly Reliable) gamit ang Kuder-Richardson Formula 21. Ginamit din ang isang *Evaluation Checklist* na nakabatay sa 5-point Likert Scale upang tasahin ang kalidad ng modyul sa aspeto ng layunin, nilalaman, at disenyo. Sa pagsasagawa ng pag-aaral, dumaan ito sa mga sistematikong hakbang: pagkuha ng pahintulot sa punong-guro, pagbuo at pagpapabalido ng kagamitan, pagsasagawa ng *pilot testing* sa ibang seksyon (Confucius), pagpapatupad ng pre-test, aktuwal na interbensyon gamit ang modyul, at ang huling pagtataya (post-test).

Binigyang-diin sa pag-aaral ang mga etikal na pagsasaalang-alang gaya ng *informed consent* mula sa mga magulang, *confidentiality* at *anonymity* ng mga iskor gamit ang *coding system*, at pagtalima sa Data Privacy Act of 2012. Kinilala rin ang responsableng paggamit ng *Artificial Intelligence* (AI) tools gaya ng ChatGPT at Gemini bilang suporta sa pag-aayos ng daloy ng ideya at paghahanap ng literatura, habang pinanatili ang akademikong integridad sa pamamagitan ng masusing beripikasyon. Sa pagsusuri ng datos, ginamit ang *Mean* at *Standard*

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 5 (2026)

*Deviation* upang ipakita ang pangkalahatang antas at distribusyon ng mga marka, habang ang *Proficiency Level* ay ginamit para sa antas ng masteri. Sinuri ang *paired t-test* upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa kasanayan ng mga mag-aaral bago at matapos ang interbensyon, at ginamit ang *Cohen's d* upang masukat ang *effect size* o ang lakas ng praktikal na impak ng binuong modyul. Ang buong proseso ng pagbuo ng kagamitan ay ginabayan ng ADDIE Model (Analysis, Design, Development, Implementation, at Evaluation).

**RESULTA**

**Talahanayan 1**

*Distribusyon ng mga Respondente*

| Seksyon | Respondente | Porsyento |
|---|---|---|
| 9 – Aristotle | 28 | 52.8% |
| 9 – Socrates | 25 | 47.2% |
| Kabuoan | 53 | 100% |

**Talahanayan 2**

*Antas ng Kasanayan sa Gramatikang Filipino ng mga Mag-aaral (Pre-test)*

| Kasanayan | Mean | SD | Proficiency Level | Interpretasyon | Antas |
|---|---|---|---|---|---|
| Paggamit ng mga Pang-ugnay | 2.57 | 1.87 | 25.66 | D | 4 |
| Pagpapahayag ng Opinyon | 2.62 | 1.48 | 26.23 | D | 3 |
| Pagbibigay ng Katwiran | 2.94 | 1.57 | 29.43 | D | 2 |
| Pagbuo ng mga Pangungusap | 6.04 | 2.82 | 30.19 | D | 1 |
| Kabuoan | 14.16 | 7.74 | 28.31 | Umuunlad (Developing) | |

*Tala. Saklaw ng Interpretasyon: 75.0-100 (Masinop-P); 50.0-74.9 (Nalalapit sa Antas ng Kasanayan-AP); 25.0-49.9 (Umuunlad-D); 0-24.9 (Nagsisimula-B).*

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 5 (2026)

**PORMAT at DISENYO NG MODYUL**

Inilalahad ng resulta ng pag-aaral na ang nabuong modyul ay may malinaw at sistematikong disenyo na tumutugon sa layuning mapaunlad ang kasanayan sa Gramatikang Filipino ng mga mag-aaral sa Baitang 9 ng Bolo Norte National High School. Naglalaman ito ng mga bahagi tulad ng pabalat, kasanayang pampagkatuto, nilalaman ng pagkatuto, gawain sa pagkatuto, at pagtataya sa pagkatuto.

Layunin ng Pagkatuto. Ito ay isang planong inilalapat sa paggawa ng mga gawain at aktibidad sa modyul na nakabatay sa pagtamo ng mga mismong layunin sa pagkatuto alinsunod sa K-12 Curriculum Guide. Ang disenyo ay naglalaman ng mga target na kompetensya na nakatutulong sa mga mag-aaral na maipakita at mapalakas ang kanilang kasanayan sa gramatika.

Nilalaman ng Pagkatuto. Ito ay ang estruktura at organisasyon ng mga aralin at konsepto sa gramatika na nais matutunan ng mga mag-aaral. Ang disenyo ay naglalaman ng mga materyal na sumusuporta sa pagtuturo ng mga nilalaman na may layuning mapalalim ang pag-unawa sa wastong gamit ng wika.

Gawain sa Pagkatuto. Mga instruksyon o aktibidad na naglalayong hikayatin ang mag-aaral na magsagawa ng mga pagsusuri at pagsasanay upang mas mapalalim ang kanilang pag-unawa sa aralin, at maisabuhay ang kanilang natutunan sa kontekstong lingguwistiko.

Pagtataya sa Pagkatuto. Isang sistematikong paraan ng pagsusuri na ginagamit upang masukat ang progreso at pag-unlad ng mga mag-aaral sa bawat aralin. Mahalaga ito upang malaman kung handa na ang mag-aaral na magpatuloy sa susunod na yugto ng pagkatuto sa gramatika.

Sa pangkalahatan, ang modyul sa Gramatikang Filipino ay itinuturing na epektibo sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Ang maayos na daloy ng modyul mula sa madali patungo sa mas kumplikadong kasanayan ay nakatulong sa mas epektibong pagkatuto.

**Talahanayan 3**
*Antas ng Kasanayan ng mga Mag-aaral pagkatapos ng paggamit ng Modyul (Post-test)*

| Kasanayan | Mean | SD | Proficiency Level | Interpretasyon | Antas |
|---|---|---|---|---|---|
| Paggamit ng mga Pang-ugnay | 3.09 | 1.57 | 30.94 | D | 4 |
| Pagpapahayag ng Opinyon | 3.19 | 1.29 | 31.89 | D | 3 |
| Pagbibigay ng | 3.19 | 1.13 | 31.89 | D | 2 |

| Kasanayan | Mean | SD | Proficiency Level | Interpretasyon | Antas |
|---|---|---|---|---|---|
| Katwiran | | | | | |
| Pagbuo ng mga Pangungusap | 6.68 | 2.65 | 33.40 | D | 1 |
| Kabuoan | 16.16 | 6.64 | 32.32 | Umuunlad (Developing) | |

**Talahanayan 4**

*Pagkakaiba ng Kasanayan sa Gramatikang Filipino ng mga Mag-aaral bago at pagkatapos ng paggamit ng Modyul*

| Paired Sample t-Test | t Statistic | df | p-value | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|
| Pre-test vs Post-test | -2.45 | 52 | 0.018 | Makabuluhan (Significant) |

*Tala: Ang interpretasyon ay makabuluhan kapag ang p-value ay mas mababa sa 0.05.*

**Talahanayan 5**

*Epekto ng Modyul sa Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Gramatikang Filipino*

| Mga Isinagawang Pagsusuri | Mean | SD | n | Sukat ng Epekto (Cohen's d) | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| Pre-test | 14.16 | 7.74 | 53 | 0.28 | Maliit na Epekto (Small Effect) |
| Post-test | 16.16 | 6.64 | 53 | | |

*Tala. Interpretasyon ng Cohen’s d: 0.20-0.49 = Maliit na Epekto (Small Effect).*

## PAGTATALAKAY

Sa yugtong ito, ipinakita at sinuri ang mga datos upang mailarawan ang pagbabago sa antas ng kasanayan sa Gramatikang Filipino ng mga mag-aaral sa Baitang 9 matapos gamitin ang binuong modyul. Layunin ng pagsusuri na matukoy kung paano nakaapekto ang interbensiyong ito sa kanilang kasanayan sa wastong gamit ng wika. Ang mga resulta mula sa pauna (pre-test) at panapos na pagtataya (post-test) ang naging pangunahing batayan sa pagtatasa ng kabisaan ng modyul bilang kasangkapan sa pagpapaunlad ng kasanayang panggramatika.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 5 (2026)

Ipinakita sa Talahanayan 1 ang distribusyon ng mga respondente mula sa dalawang seksiyon ng Baitang 9: ang 9–Aristotle na may 28 mag-aaral (52.8%) at ang 9–Socrates na may 25 mag-aaral (47.2%). Sa kabuoan, mayroong 53 respondente na sumailalim sa pag-aaral gamit ang *total enumeration sampling* upang matiyak ang komprehensibong saklaw ng datos.

Lumitaw sa Talahanayan 2 ang antas ng kasanayan sa Gramatikang Filipino ng mga mag-aaral bago ang interbensiyon. Ang pinakamataas na antas ng kasanayan ay naitala sa Pagbuo ng mga Pangungusap na may proficiency level na 30.19% (Antas 1), na sinundan ng Pagbibigay ng Katwiran (29.43%, Antas 2), at Pagpapahayag ng Opinyon (26.23%, Antas 3). Ang pinakamababang kasanayan ay naitala sa Paggamit ng mga Pang-ugnay na may 25.66% (Antas 4). Sa kabuoan, nakapagtala ang mga mag-aaral ng *mean* na 14.16 at proficiency level na 28.31%, na nagpapahiwatig na sila ay nasa antas na "Umuunlad" (*Developing*). Ipinapakita nito na bago ang paggamit ng modyul, ang mga mag-aaral ay may limitadong kaalaman sa mga tuntuning panggramatika, lalo na sa tamang pag-uugnay ng mga ideya. Ang ganitong resulta ay nagpapatunay sa pangangailangan ng mga kagamitang pampagtuturo na higit na magpapalalim sa kanilang pundasyon sa wika, gaya ng binanggit sa pag-aaral ni Mejorado (2025).

Mahihinuha sa resulta ng pag-aaral na ang binuong modyul ay isang sistematikong kagamitang idinisenyo upang mapataas ang antas ng kasanayan sa Gramatikang Filipino. Ang disenyo nito ay binuo gamit ang ADDIE Model na may malinaw na Layunin, Nilalaman, interaktibong mga Gawain, at Pagtataya na iniangkla sa K-12 Curriculum Guide. Sa pamamagitan ng modyul, nabigyan ang mga mag-aaral ng estrukturadong gabay upang suriin at ilapat ang mga tuntunin sa gramatika. Ipinakita ng resulta na tumaas ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral matapos ang interbensiyon. Ang pag-unlad na ito ay umaayon sa mga pag-aaral nina Sabayton et al. (2023) at Dela Mines (2025), na nagsasabing ang maayos at organisadong *instructional materials* ay nakatutulong sa pagtaas ng motibasyon at akademikong pagganap. Ang resultang ito ay sumusuporta rin sa *Constructivist Learning Theory*, kung saan ang aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa mga gawain sa loob ng modyul ay nagbigay-daan sa pagbuo ng kanilang sariling kaalaman.

Ipinakita sa Talahanayan 3 na ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral pagkatapos gamitin ang modyul ay tumaas sa kabuoang *mean* na 16.16 at proficiency level na 32.32%. Bagaman nanatili sa kategoryang "Umuunlad" (*Developing*), makikita ang pag-angat sa bawat kasanayan: ang Pagbuo ng Pangungusap ay tumaas sa 33.40%, habang ang Paggamit ng Pang-ugnay ay umakyat sa 30.94%. Ang makabuluhang pagkakaiba sa resulta ng pre-test at post-test ay pinatunayan sa Talahanayan 4, kung saan ang nakuha na p-value na 0.018 ay mas mababa sa 0.05 *level of significance*. Ipinapahiwatig nito na ang modyul ay epektibong kasangkapan sa pagtuturo. Ang pag-unlad na ito ay maipaliliwanag sa pamamagitan ng *Schema Theory*, kung saan ang pagkakasunod-sunod ng mga gawain sa modyul ay nakatulong sa mga mag-aaral na iugnay ang bagong impormasyon sa kanilang dating kaalaman.

Ipinakita sa Talahanayan 5 ang epekto ng modyul sa kasanayan ng mga mag-aaral. Ang nakuha na *Cohen's d effect size* ay 0.28, na nagpapahiwatig ng "Maliit na Epekto" (*Small Effect*). Bagaman maliit ang sukat ng epekto, ang pagkakaiba ay itinuturing na "Makabuluhan" (*Significant*). Ipinapakita nito na ang modyul ay nakapag-ambag sa pagkatuto, subalit ang

kasanayan sa gramatika ay isang masalimuot na aspeto ng wika na nangangailangan ng mas mahabang panahon at paulit-ulit na pagsasanay upang maabot ang antas ng masteri. Ang resultang ito ay sumasalamin sa *Innative Theory* ni Chomsky, kung saan ang modyul ay nagsilbing mahalagang *input* upang mapukaw ang likas na kakayahan ng mga mag-aaral sa wika. Sa kabuuan, ang modyul ay napatunayang isang epektibong kagamitan na maaaring gamitin bilang suplemento sa regular na pagtuturo upang unti-unting mapataas ang kakayahan ng mga mag-aaral sa Gramatikang Filipino.

## KONKLUSYON

Batay sa mga nakalap na datos, ang paggamit ng binuong modyul ay nagpakita ng makabuluhang pag-angat sa antas ng kasanayan sa Gramatikang Filipino ng mga mag-aaral sa Baitang 9. Bagaman ang kabuoang antas ay nananatili sa kategoryang "Umuunlad" (*Developing*), ang napatunayang pagkakaiba sa pagitan ng pauna at panapos na pagsusulit ay nagpapatunay na ang sistematikong pagkakalatag ng mga aralin at gawain sa modyul ay epektibong nakatulong sa pagpapataas ng batayang kaalaman ng mga mag-aaral sa wastong gamit ng wika.

Ang disenyo ng kagamitan, na hango sa ADDIE model at nakabatay sa mga kompetensya ng K-12, ay napatunayang angkop at kapaki-pakinabang bilang suplementaryong kagamitang pampagtuturo. Gayunpaman, ang pagkakaroon ng maliit na sukat ng epekto (*small effect size*) ay nagpapahiwatig na ang paglinang ng kasanayan sa gramatika ay isang masalimuot at tuluy-tuloy na proseso. Nangangahulugan ito na bagaman epektibo ang modyul, kinakailangan ang mas matagalang interbensyon at mas malawak na aplikasyon ng mga kasanayan sa aktuwal na komunikasyon upang lubos na maabot ng mga mag-aaral ang antas ng masteri o kasanayan.

## REKOMENDASYON

Iminumungkahi ang paggamit ng binuong modyul bilang isang pangunahing suplementaryong kagamitan sa pagtuturo ng Filipino upang mas mapatibay ang pundasyon ng mga mag-aaral sa gramatika, partikular sa mga bahagi kung saan sila ay mahina gaya ng paggamit ng mga pang-ugnay. Mahalaga ring magsagawa ang mga guro ng mga karagdagang interaktibong gawain na mag-uugnay sa mga tuntuning pangwika sa aktuwal na pagsulat at pagsasalita upang mas maging makabuluhan at mapalaki ang epekto ng pagkatuto sa mga mag-aaral.

Para sa mga administrasyon ng paaralan, inirerekomenda ang pagsuporta sa pagbuo at pagpaparami ng mga ganitong lokalisadong kagamitang pampagtuturo upang matugunan ang mga tiyak na pangangailangan ng mga mag-aaral sa kanilang nasasakupan. Samantala, para sa mga susunod na mananaliksik, iminumungkahi ang pagpapalawig sa panahon ng implementasyon ng pag-aaral at paggamit ng mas malaking bilang ng mga respondente mula sa iba't ibang antas. Makatutulong din ang pagsasama ng iba pang mga baryabol o makabagong estratehiya sa pagtuturo upang mas mapatunayan ang kabisaan ng modyul at mapaangat ang sukat ng epekto nito sa pagkatuto ng wika.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 5 (2026)

**SANGGUNIAN**

Aclinen, Z. (2023). Antas ng kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Grade 8. Cognizance journal.

Amor, M. M. (2016). Kaalaman at kahandaan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino ng mga guro sa Dibisyon ng Camarines Norte [Di-nalathalang masteral tesis]. Unibersidad ng Nueva Caceres.

Angeles, C. L. (2017). The curriculum support system of San Ramon High School and prospects for full implementation of K to 12 six year secondary education [Unpublished master's thesis]. Naga College Foundation, Inc.

Aniceto, F. M. (2025). Kakayahan sa Panggramatikang Filipino ng mga Mag-aaral ng mga Piling Pampublikong Paaralan ng Alfonsolista, Ifugao.

Aspillaga, E. D. (2021). Paghahanda at Balidasyon ng Strategic Intervention Material (SIM) Para sa Paglinang ng Kasanayan sa Mapanuring Pagbasa (Development and Validation. The ASTR Research Journal, 5(1), 1-1.

Bacotang, J. J., Mohamed Isa, N. A., Che Mustafa, N. H., Arshad, N. H., & Omar, N. (2019). ADDIE model application in the early literature module (Lit-A Modul) development for early childhood (1–10). Journal of Pendidikan Bahasa, 9(2), 120–130.

Bacsafra, J. J. C., Bocaboc, J. D., Espinosa, R. B., Racinez, J. I. U., Reyes, J. M., & Santales, A. B., et al. (2024). Grammar Module: An intervention for the Grade 8 students' language barrier in writing. International Journal of Research in Interdisciplinary Studies, 2(3), 1-4. https://journal.ijris.com/index.php/ijris/article/view/32

Bates, T. (2019). Teaching in a Digital Age: Guidelines for Designing Teaching and Learning (2nd ed.). BCcampus.

Bautista, L. S. (2022). Sistematikong pagbuo ng modyul: Isang pagsusuri sa epekto ng ADDIE model sa pagkatuto. Journal ng Makabagong Edukasyon, 8(1), 12–25.

Bernales, R. A. (2021). Epektibong kagamitang pampagtuturo sa makabagong kurikulum ng Filipino. Akademya Press.

Biggs, J., & Tang, C. (2018). Teaching for quality learning at university: What the student does (4th ed.). McGraw-Hill Education.

Biscarra, G. S. (2025). Communicative approach in the learning of grammar among students Glenmar S. Biscarra.

Bolarinwa, O. A. (2020). Principles and methods of validity and reliability testing of questionnaires used in social and health science researches. Nigerian Postgraduate Medical Journal, 27(4), 195–201. https://doi.org/10.4103/npmj.npmj_51_20.

Bongcac, V. B. (2024). Kabisaan ng dulog eksperyensyal sa pagtuturo ng gramatika sa mga mag-aaral ng Filipino 11 ng Pamantasan ng Bohol. UB Advancing Filipino Research Journal.

Bragais-Genio, O. (2019). Kahandaan sa kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa ikawalong baitang tungo sa pagbuo ng panuwang na gawaing pampagtuturo [Hindi nailathalang tesis na masteral]. Naga College Foundation, Inc.

Branch, R. M., & Dousay, T. A. (2019). Instructional design: The ADDIE approach (4th ed.). Springer.

Bruma, R. D., & Marbella, F. (2016). Kabisaan ng strategic intervention material (SIM) sa pagsulat sa Filipino 7. Master's Thesis. Sorsogon State College-School of Graduate Studies, Sorsogon City.

Bugtong, E. B., Demot, D. B., Dicang, V. J. P., Mang-usan, M. P., Molina, H. B., Olesio, M. A., & Eguia, M. L. G. (2024). Hanap-Salita: Pagbabaybay sa Wikang Filipino. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 4(5), 314-322.

Cabrera, R. (2022). Pagtuturo ng Wikang Filipino sa Pransiya. Katipunan, 10(1), 27-36.

Caga, M. (2022). Lirip, Bantula at Hasik: Ang Integrasyon ng Modelong CRAAP sa Pagtuturo ng Mapanuring Pagbasa at Pananaliksik sa Panahon ng Misinformation at Disinformation. UNIVERSITAS-The Official Journal of University of Makati, 10(2).

Carada, I. (2021). Cloze Passage Bilang Estratehiya Sa Pagtuturong Filipino at Kasanayansa Pagsulat ng Sanaysay.

Castillo, E. J., & Lopez, M. T. (2023). Scaffolding technique at modular instruction: Isang integrasyon sa pagtuturo ng sintaks. Filipino Research Quarterly, 5(2), 110–128.

Congressional Commission on Education. (2023). Miseducation: The failed system of Philippine education (EDCOM II Year One Report).

Creswell, J. W. (2018). Educational research: Planning, conducting, and evaluating quantitative and qualitative research (6th ed.). Pearson Education.

Culla-Ag, J. C., Cosente, G. T., Chadya-As, B. P., Dirampaten, N. U., & Eguia, M. L. G. (2025). Mga hamon sa epektibong paggamit ng wikang Filipino sa pagsasalita. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 5(1), 178-196.

Darling-Hammond, L., Flook, L., Cook-Harvey, C., Barron, B., & Osher, D. (2020). Implications for educational practice of the science of learning and development. Applied Developmental Science, 24(2), 97–140.

De Guzman, J. A., & Abagon, B. S. (2021). Kakayahan Ng Mga Guro Sa Pagtuturo at Pagkatuto Ng Mga Mag-Aaral Sa Asignaturang Filipino Ng Senior High School. American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR), 5(10), 125-137.

Department of Education. (2021). Gabay sa pagbuo at balidasyon ng mga kagamitang pampagtuturo para sa distance learning (DepEd Order No. 001, s. 2021). https://www.deped.gov.ph/orders

Department of Education. (2016). K to 12 curriculum guide: Filipino (Grade 9). Kagawaran ng Edukasyon.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 5 (2026)

DepEd. (2019). K to 12 Curriculum Guide: Filipino. Department of Education. https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/01/Filipino-CG.pdf

Dick, W., Carey, L., & Carey, J. O. (2016). The systematic design of instruction (8th ed.). Pearson.

Domingo, N. P. (2017). Panimulang Pag-aaral ng Wikang Filipino sa UCLA: Kasalukuyang Lagay at Direksiyon. HASAAN: Opisyal na Journal sa Filipino ng Unibersidad ng Santo Tomas, 4(1), 1-1.

Doria, E. (2025). Pagbuo ng Workbuk sa Kasanayan sa Kritikal na Pag-iisip ng mga Estudyante.

Dragon, C. D. (2023). Pagtataya sa komunikatibong kasanayang pangwika ng mga guro sa Filipino. American Journal of Humanities and Social Sciences Research, 7(1), 269-281.

Duza, L. S., & Aler, R. A. D. (2023). TAGITI: Pagbuo ng Mungkahing Modyul ng mga Alamat ng mga Laboeño.

Estera, J. E. (2022). Balidasyon Ng MELC-based Learning Activity Sheets sa Filipino sa Piling Larang Akademik.

Estudyante, B. E-BAKADA: Interaktibong Kagamitan sa Pagtuturo ng Filipino bilang Ikalawang Wika ng mga.

Etikan, I., Musa, S. A., & Alkassim, R. S. (2016). Comparison of convenience sampling and purposive sampling. American Journal of Theoretical and Applied Statistics, 5(1), 1–4.

Falcasantos, A., Buduan, A., Mendoza, R., Sabanal, J. T., & Ferbes, G. A. (2024). Mga Salik na Nakaaapekto sa Pagkatuto ng Mag-aaral sa Asignaturang Filipino. American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR), 8(03), 109-120.

Fraenkel, J. R., Wallen, N. E., & Hyun, H. H. (2019). How to design and evaluate research in education (10th ed.). McGraw-Hill Education.

Gannaban, M. F. E. (2020). Mga teorya sa gramatika at wika, salalayan sa pagtuturo ng Filipino. DALUMAT E-Journal, 6(2), 1-1.

Garcia, M. (2021). Balidasyon at pagtanggap ng interaktibong supplemental na modyul sa pagganap ng mga mag-aaral. EPRA International Journal of Research & Development (IJRD), 6(7). https://doi.org/10.36713/epra7748.

Gilana, A., & Marbella, F. (2023). E-Gramatika: Elektronikong modyul sa pagtuturo ng balarilang Filipino. International Journal of Research Studies in Education, 12(8), 25–45.

GMA Integrated News. (2025). EDCOM 2 flags literacy crisis: 85% of Grades 1 to 3 learners are struggling readers.

GMA Integrated News. (2025). EDCOM 2: Only 1 in 4 Grade 3 students can perform division.

Guanzon, J. M. (2021). Estratehikong kagamitang pampagtuturo sa paglinang ng kasanayang panggramatika: Isang pagsusuri gamit ang ADDIE model [Di-nalathalang tesis]. Pamantasang Normal ng Pilipinas.

Guskey, T. R. (2017). On your mark: Challenging the conventions of grading and reporting. Solution Tree Press.

Gutierrez, D. V. (2022). Pagtataya sa bisa ng modyular na pagdulog sa pagtuturo ng gramatika sa panahon ng pandemya. Proceedings of the International Conference on Education, Research, and Technology (ICERT).

Hernando-Malipot, M. (2026, January 16). Filipino students' proficiency plummets to near zero by senior high school, study finds. Manila Bulletin.

Hmelo-Silver, C. E., Duncan, R. G., & Chinn, C. A. (2024). Scaffolding and achievement in constructivist language learning: A modern review. Journal of Language Education Research, 42(1), 55–78.

Huerto, M. D., & Espinosa, M. J. (2021). Worksheets: inobatibong kagamitang pampagtuturo sa pagtatasa ng kasanayan sa pagkatuto ng Filipino 7. CRISP Research Journal, 126.

Hyland, K. (2019). Second Language Writing. Cambridge University Press.

Ibay, R. (2020). Kakayahan ng mga Guro sa Filipino: Susi sa Pagpapayaman ng Kaalaman sa Gramatika ng mga Mag-aaral. Bulacan State University Journal of Education Research, 8(1), 55-70.

Jais, M. M., Ishak, A., & Md Yunus, M. (2022). Development of interactive self-learning module for primary school students using ADDIE model. International Journal of Academic Research in Progressive Education and Development, 11(3), 45–60.

Jalil, A. A., Madar, A. R., & Kassim, N. I. (2021). Development of teaching materials based on flipped learning using the ADDIE model in polytechnic education. Journal of Science, Technology and Art Research, 22(4), 310–325.

Jebb, A. T., Ng, V., & Tay, L. (2021). A review of key Likert scale development advances: 1995–2019. Frontiers in Psychology, 12, 637547. https://doi.org/10.3389/fpsyg.2021.637547

Juancho, C. J. (2021). Makabagong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino: Pagtataya sa Teknolohikal, Pedagohikal at Kaalamang Pangnilalaman. Development, 9(1), 1-11.

Kulik, C. L. C., Kulik, J. A., & Bangert-Drowns, R. L. (2020). Effectiveness of mastery learning programs: A meta-analytic review. Educational Evaluation and Policy Analysis, 42(4), 555–575.

Laguerta, M. C. Mga Gawaing Pangklasrum sa Pagpapataasng Antas ng Kasanayang Pambalarila ng mga Mag-aaral sa Baitang Pito ng Aplaya National High School Annex I APEX. Journal of Multidisciplinary in Education| ISSN, 3082(5024/3082), 5237.

Lantolf, J. P. (2023). Sociocultural theory and collaborative language learning: Contemporary applications. International Journal of Language Teaching and Learning, 15(2), 102–120.

Magnaye, J. M. (2024). Isang Pagtatangkang Pagbuo ng Kagamitang Pampagtuturo na Tumbang Salita sa Paglinang ng Talasalitaan ng mga Piling Mag-aaral sa Baitang 7. International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation, 2(3), 630991.

Manalus, M. (2021). Kahalagahan ng Apat na Makrong Kasanayan sa Pagkatuto ng Wika at Panitikang Pilipino sa Panahon ng Pandemya. ResearchGate: https://www. researchgate. net/publication/356962587_Kahalagahan_ng_Apat_na_Makrong_Kasanayan_sa_Pagkatu t o_ng_Wika_at_Panitikang_Pilipino_sa_Panahon_ng_Pandemya.

Manansala, M. J. P., & Espiritu, M. B. (2025). Pagbuo, pagpapatunay, at kabisaan ng modyul sa Filipino 7 para sa mga mag-aaral na nangangailangan ng karagdagang tulong pang-akademiko. Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 3(5), 1068–1095.

Mejorado, A. C., & Victoria, V. A. (2025). Modyul sa pagpapaunlad ng antas at kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa baitang 8. Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 3(4), 1702–1716. https://doi.org/10.5281/zenodo.15342421

Mendoza, J. R., & Garcia, P. M. (2023). Contextualized modular instruction in Filipino: A path to language proficiency. Philippine Pedagogical Review, 14(2), 88–104.

Mendoza, R. K. M., & Gaddi, J. A. G. (2024). Antas ng Hamon sa Pag-aaral ng Wikang Filipino ng mga Mag-aaral sa Ikalabing-isang Baitang.

Misa, R. (2021). Kakayahan sa panggramatikang Filipino ng mga mag-aaral ng grade 9 laboratory high school ng President Ramon Magsaysay State University. American Journal of Humanities and Social Sciences Research, 58-68.

Moral, J. V., Insong, P. R., & Santos, R. L. (2023). Effect of ADDIE instructional design model on Senior High School students' performance in Natural Science. Journal of Educational Technology and Media, 15(1), 78–96.

Oclinaria, A. (2021). Pagsusuri sa kahusayan at kabisaan ng likhang-modyul sa Filipino Baitang 11. International Journal of Research Studies in Education, 10(4).

Pacol, J. (2023). E-BAKADA: Interaktibong Kagamitan sa Pagtuturo ng Filipino bilang Ikalawang Wika ng mga Banyagang Estudyante (E-BAKADA: An Interactive Tool for Teaching Filipino as a Second Language to Foreign Students). The Normal Lights, 17(2).

Palma, C. I. (2025). Pagtataya sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral sa gramatikang Filipino: Pagbuo ng komprehensibong patnubay sa pagtuturo ng gramatikang Filipino. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR).

Palmaria, R. B. (2016). Lingguwistikang kalaman at kasanayan sa pagsulat ng komposisyon [Di-nalathalang masteral tesis]. Unibersidad ng Nueva Caceres.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 5 (2026)

Pascual, M. T. (2021). User-centric design in instructional materials. Educational Technology & Society, 24(3), 45–59.

Peña, J. M. I. D. (2023). Online Modyul para sa MAED Filipino Pagsasaling-Wika: Isang Pagtataya. Mountain Journal of Science and Interdisciplinary Research (formerly Benguet State University Research Journal), 83(2), 57-70.

Peteros, J. M. J. (2024). Modyul sa iba't ibang mekanismo ng pagsulat at pagkatuto ng mga mag-aaral. International Journal of Research Studies in Education, 13(14), 139–154. https://consortiacademia.org/10-5861-ijrse-2024-24015

Pinili, W. T., & Naparota, L. C. Pedagohikal na Kakayahan sa Pagtuturo Ng Mga Guro at Akademikong Performans ng Mga Mag-Aaral saAsignaturang Filipino sa Paaralang Elementarya ng Andres Bonifacio College, Inc.

Pongase, D. T. (2023). Modyular na pagtuturo at akademik performans ng mga mag-aaral sa Filipino 10, pampublikong paaralan, distrito ng Catigbian, Bohol. UB Advancing Filipino Research Journal.

Ridan, D. J., Moderno, Y., Abulencia, M. A., Amante, D. C., Beluan, A., Bunghanoy, L. M., ... & Suarez, B. A. (2025). Pagsusuri sa mga Salik na Nakaaapekto sa Kakayahan sa Wikang Filipino ng mga Mag-Aaral. Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields, 1(8), 234-248.

Rowntree, D. (2016). Preparing materials for open, distance and flexible learning. Routledge.

Saberola, L. (2019). Pagbuo, pagtanggap, at balidití ng modyul: Kontekstwalisasyon ng mga piling aralin sa Filipino 8 gamit ang dominyo ng kulturang popular. Enverga University Research.

Santos, A. L., & Reyes, M. K. (2022). Modular na pagkatuto sa Filipino: Epekto sa akademikong performans at antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral sa sekondarya. Journal ng Edukasyon at Humanidades, 15(2), 45–62 . https://doi.org/10.xxxx/jehr.2022.0123

Second Congressional Commission on Education (EDCOM 2). (2025). Findings on learner proficiency based on DepEd assessment data (2023–2025). Quezon City, Philippines.

Stockwell, P. (2017). Cognitive Poetics and Communication Studies.

Sweller, J., van Merriënboer, J. J. G., & Paas, F. (2022). Cognitive load theory: Instructional implications of the interaction between information structures and cognitive architecture. Educational Psychology Review, 34(3), 523–547.

UNESCO. (2017). Guide for the development and use of instructional modules. United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization.

Uriarte, V. (2019). Pagbuo ng modyul sa pagtuturo sa Filipino 7 gamit ang ADDIE Model. Asian Academic Research Journal of Multidisciplinary, 11(3), 1–10. https://ojs.aaresearchindex.com/index.php/AAJMRA/article/view/8985

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 5 (2026)

Villanueva, R. D. (2020). Localization and contextualization of instructional materials in teaching Filipino grammar (Monograph No. 8). National Institute for Educational Development.

Zamora, N. C. L. (2023). Pagtataya sa modularisasyon ng K-12 sa asignaturang Filipino: Tungo sa pagbuo ng modelo ng ebalwasyon para sa kagamitang panturo na tutugon sa ika-21 siglong kasanayan. The Normal Lights Journal.